# 1

"Well, this has better be the fun and adventure of a lifetime like it says on their brochure," nakataas ang kilay na sabi ni Eloise Martinez sa pinsang si Pamela. Ang tinutukoy niya ay ang adventure trip na nakatakda nilang puntahan nang araw na iyon.

Kasalukuyan na silang nasa biyahe, kasama ng iba pang mga turista, at sakay ng air-conditioned tourist bus na pag-aari ng *Adventure, Inc.*, ang tour company na nag-oorganisa ng mga paglalakbay at pag-akyat sa mga kabundukan sa buong probinsya ng Davao.

"Oh, I'm sure we're going to enjoy every minute of this trip just like we did noong umakyat tayo sa Mount Apo, naaalala mo? Mas lalo pa ngayon dahil unexploited pa raw ang lugar na pupuntahan natin," excited na sabi ni Pamela. "And for somebody like you who love to seek adventure and excitement, naku! Tiyak na hindi ka magsisisi."

"Dapat lang," nangingiting tugon niya. Nahahawa na rin siya sa excitement na nararamdaman ng pinsan.

Matagal na ring panahon mula noong huli siyang makaranas ng isang wild adventure. Masyado kasi siyang nawili sa Maynila at sa pagtatrabaho roon. Kaya nang ayain siya ni Pamela na sumama rito ay pumayag siya.

Mag-iisang linggo na siyang nagbabakasyon sa Davao at malapit na siyang ma-bore dahil sa kawalan ng mapagkakaabalahan. Gustuhin man niyang tumulong sa Tita Feliza niya sa pag-aasikaso sa restaurant na pag-aari nila roon, pakiramdam niya ay mas nakakagulo lamang siya. Ang kakambal niyang si Ericka ang talagang may alam at mas eksperto sa pamamahala ng naiwang negosyo ng yumao nilang mga magulang.

Ngunit ngayon ay kasalukuyang nasa honeymoon si Ericka at ang asawa nitong si Dave Hidalgo, ang boss niya na ngayon ay bayaw na niya. Ang lalaking sa loob ng dalawang taong nakalipas ay inakala niyang iniibig niya.

A wry smile tugged at the corner of her lips. Ibang klase talaga magpasya ang tadhana. For the last two years, bilang sekretarya ni Dave ay pinangarap niyang mapansin at mahalin nito. But fate had other plans. Dahil hindi siya kundi ang identical twin niyang si Ericka ang nakabighani sa

puso ng lalaki.

Aaminin niyang nasaktan ang kanyang pride pero hindi ang puso niya. Bago pa man magpakasal ang dalawa ay nabuksan ang puso at isipan niya sa realisasyong hindi pala totoong pag-ibig ang nararamdaman niya para kay Dave.

It was just merely a feeling of admiration that she mistook for love. Ang damdaming inukol niya noon kay Dave ay hindi maikukumpara sa tunay at wagas na pag-ibig na nararamdaman ni Ericka para rito.

And she accepted with good grace that Dave Hidalgo was really never meant to be hers. Sa halip ay natutuwa siya na nagsilbi siyang instrumento upang makilala nito ang babaeng itinakda ng Diyos na maging kabiyak ng puso nito.

Masasabi ngang malaki ang naging papel niya sa kung paano nagtagpo ang landas, nagkaibigan at nauwi sa happy ending ang love story nina Ericka at Dave. Nagsimula ang lahat nang minsang malagay sa panganib ang buhay niya.

Mula Davao ay biglaang lumuwas ng Maynila si Ericka upang hanapin at tulungan siya sa malaking problemang kinasusuungan niya. Hindi kasi

sinasadyang nabuko niya sa isang illegal na gawain ang head ng shipping department ng *Global Imports*, ang kompanyang pag-aari ni Dave. Dahil sa takot sa posibleng banta sa buhay niya ay napilitan siyang umalis at magtago.

Nag-join forces sa paghahanap sa kanya sina Dave at Ericka. At sa panahong iyon nabuo ang magandang pagtitinginan sa pagitan ng dalawa. Ngunit dahil na rin sa inaakalang pagtingin niya kay Dave ay nagawang isakripisyo ni Ericka ang pag-ibig dito. Lumayo ito at nagbalik sa Davao.

Mabuti na lamang at bago mahuli ang lahat, siya na rin ang nakagawa ng paraan para mailagay sa ayos ang lahat. *All's well, that ends well,* wika nga. At totoong maligaya siya para sa dalawa. Idinadalangin niyang sana ay panghabang-buhay na ang pagmamahalan ng mga ito.

Hindi sana gustong iwan ni Eloise ang trabaho sa Maynila, lalo pa nga at wala ang boss niya, ngunit si Dave na rin mismo ang nagpilit na magbakasyon siya ngayon. Pagkakataon na rin daw niya iyon para makapagpahinga upang lubusang makalimutan ang trauma sa pinagdaanan niya.

Natigil ang pagmumuni-muni niya nang bigla siyang tapikin ni Pamela sa braso.

“Bakit mukhang ang layo ng iniisip mo diyan?” kunot-noong tanong nito. Pagkuwan ay biglang nagliwanag ang expression ng mukha nito. “Hey, guess what? You remember Tim Punzalan? ’Yung naging boyfriend mo noong college? Alam mo bang siya at ang kapatid niyang si Armand ang may-ari ng *Adventure, Inc.*?” namimilog ang mga matang pagbabalita nito.

Unti-unting napalis ang ngiting gumuhit sa mga labi niya nang marinig ang sinabi nito. Of course, naaalala niya si Tim. Isa ito sa mga naging nobyo niya noon, na kahit nagkahiwalay na sila ay nanatiling kaibigan niya. Ang hindi niya nagustuhan ay ang pagkabanggit ng pinsan sa pangalan ng lalaking pinangingilagan at lihim na kinaiinisan noon. Ang antipatiko at aroganteng nakatatandang kapatid ni Tim na si Armand Punzalan.

Eloise was always been a good-natured, outgoing, confident woman. Kahit kailan ay hindi naging mahirap sa kanya ang paglapit at makipagkaibigan sa mga lalaki. Masaya siyang kausap at kabiruan ang mga ito. At higit sa lahat, kailanman ay hindi siya na-intimidate sa mga ito.

Maliban lamang sa lalaking iyon!

Simula pa lang noong unang pagkakakilala nila

ay hindi na siya naging komportable sa presence ni Armand. Tahimik kasi ito at laging seryoso. Pakiramdam niya ay isa siyang malaking estupida kapag kausap ito. At lalong hindi niya gusto ang mga mapanuring titig nito na tila ba laging sinusukat ang kanyang pagkatao.

Alam niyang mutual antipathy ang nararamdaman nila sa isa't isa. May palagay kasi siyang hindi siya gusto nito para sa kapatid. Hindi rin naman niya pinilit na makipaglapit dito. Sa halip ay sinadya pa niyang lagyan ng malaking distansya ang pagitan nila.

Kaya kung mayroon mang magandang kinahihinatnan ang naging break-up nila noon ni Tim, iyon ay ang hindi na niya pangangailangang makatagpo si Armand.

Pitong taon na rin ang nakalipas mula nang huli niyang makita ang magkapatid. Nineteen years old lamang siya nang maging kasintahan niya si Tim. Ang alam niya ay may asawa na ito. Ang wala siyang balita ay sa kapatid nitong si Armand. At wala siyang balak na makibalita ng kahit anong bagay tungkol dito.

So what kung nagmamay-ari man ito ng isang tour company? Big deal! Pinigilan niyang mapairap

sa naisip.

"Really?" matabang ang ngiting kunwari ay nasorpresang sabi niya. "Naalala ko ngang pangarap noon pa ni Tim na magkaroon ng sariling business. Natutuwa naman akong malaman na natupad din iyon."

"Hindi ka ba nanghihinayang na hindi ikaw ang nakatuluyan niya? Alam mo bang ang guwapo-guwapo pa rin niya hanggang ngayon?" nanunukso ang ngiting saad ni Pamela. "Pero alam mo, mas type ko ang kuya niyang si Armand. My gosh! That man was oozing with sex appeal. I've always wondered what's going on behind those brooding and sexy eyes. Matingnan lang niya ako ay talagang natutunaw na ako," kinikilig na patuloy nito.

*Well, you're welcome to him!* napasimangot na naisip ni Eloise.

But come to think of it, noon pa man ay alam na niyang maraming babaeng naghahabol at nagnanais na makuha ang atensyon ng lalaking iyon. Gayong kung tutuusin ay mas guwapong tingnan dito si Tim in a more conventional sense. Yet, his was an arresting presence, more compelling than mere handsomeness. A forceful sensuality radiated from him at marahil ang pagiging misteryoso nito

ang siyang nakakaahon ng interes at intriga sa kababaihan. Although, in her opinion, his rugged masculinity might have been more appealing had it been tempered by a bit of human warmth. Ngunit sa tuwina ay matigas ang expression at hindi maarok ang nasa isip ni Armand.

"At alam mo bang binata pa rin siya hanggang ngayon?" patuloy na pagsasalita ng pinsan. "Actually, he's one of the most sought-after bachelors in town. Sino ba naman kasing babae ang hindi magnanais na masilo ang lalaking iyon, eh, he's not only rich but also dangerously attractive."

Napaikot ni Eloise ang mga mata. Gusto niyang matawa sa pinsan. Para kasi itong isang fan na ibinibida ang iniidolong aktor. Kaya lang ay wala siyang interes sa mga sinasabi nito. Hindi siya kabilang sa mga tagahanga... or rather, tangahanga ng Armand Punzalan na iyon. Kaya upang maiba ang usapan ay nagbukas siya ng ibang topic na mapagkukuwentuhan nila.

NAPUTOL LAMANG ang kuwentuhan nila nang makarating sila sa kanilang destinasyon—ang bayan ng Digos sa Davao del Sur. Isa sa mga virgin forests ang gagalugarin nila roon. Naroon at naghihintay

na sa kanila ang mga tauhan ng *Adventure, Inc.*, na magiging guides nila.

Nang makababa sila ng bus ay excited na iginala ni Eloise ang tingin sa paligid. Kung tutuusin ay nasa bungad pa lamang sila ng kagubatan ngunit kahanga-hangang tanawin na ang nakikita niya.

Lalong lumawak ang pagkakangiti niya nang makita ang mga kabayong naroroon. Ang mga ito ang magsisilbing sasakyan nila habang naglalakbay. Ang kabayo ang isa sa mga paborito niyang hayop at talagang nami-miss na niya ang mag-horseback-riding.

Kaagad na nakilala niya ang nakangiting lalaking sumalubong sa kanila. Tama si Pamela, bukod sa pagma-mature ay halos wala pa ring ipinagbago ang dating kasintahan niya. Guwapo pa rin at charming si Tim.

"Hi, everybody!" masayang pagbati nito nang makalapit. "I'm glad to see that you all made it here safely. Ako nga pala si Tim Punzalan, one of the organizers of this expedition. I'm sure lahat kayo ay nabasa na ang aming brochure so you all pretty much know by now what to expect.

"But of course, napakarami nating puwedeng

madiskubre sa napakagandang lugar na ito. Isa lang ang pakiusap namin, just please follow all our rules and regulations para wala tayong maging problema. At kung mayroon kayong questions, huwag kayong mahihiyang lumapit sa akin or to my brother, Armand. He's over there," anito na itinuro ang matangkad na lalaking abala sa pakikipag-usap sa ilang lalaking tauhan ng mga ito.

*Oh, no!* Nadidismayang nahugot ni Eloise ang paghinga nang mapako ang tingin niya sa lalaking kanina lang ay iniiwasan niyang maging paksa ng usapan nila ni Pamela. Hindi niya akalain na makakasama pa pala niya ito nang ilang araw.

How the hell could she have fun kung makikita niya ang lalaking itinuturing niyang kaaway?

Kabaligtaran niya ay makikita ang natutuwang reaksyon ni Pamela sa presence ni Armand.

"Isn't this great?" malawak ang pagkakangiting bulong nito sa kanya habang nakatutok ang tingin sa lalaki. "Biruin mo kasama pala natin ang magkapatid. Now I really know for sure na mag-e-enjoy ako."

Ngani-nganing batukan niya ang pinsan at sigawan na manahimik ito. Pero pinigil niya ang sarili at isinaisip na lamang ang nararamdamang

pagkainis.

"Well, I hope na nadala ninyo ang mga bagay na sa tingin ninyo ay kakailanganin ninyo," patuloy na pagsasalita ni Tim. "But the company provides for everything especially the first aid medicines. So, if you guys are all ready, please pumili na kayo na magiging kabayo ninyo so we can get started," pagtatapos nito. Nang mapadako ang tingin nito kay Eloise ay saglit itong natigilan, ngunit kaagad ding bumadha ang recognition sa mukha nito.

"Eloise Martinez, yeah, ikaw nga," nasisiyahang sambit nito na lumapit at inilahad ang isang kamay sa kanya. "How are you? Ang tagal din nating di nagkita. Hindi ko alam na nandito ka pala sa Davao. Wow! You haven't changed a bit. You're still as beautiful and sexy as before."

Napatawang nakipagkamay siya rito. "At ikaw, numero unong bolero pa rin. You're looking good, too. Mukhang nahiyang ka sa pag-aasawa. Pinsan ko nga pala, si Pamela," pagpapakilala niya sa pinsan.

"I'm glad to see na natupad din ang dream mo na magkaroon ng sariling business," patuloy niya nang matapos magbatian ang dalawa.

Nahihiyang ngumiti ito. "Actually, si Kuya

Armand talaga ang nagtatag ng kompanya. He's really the boss. Bale, tumutulong lang ako," anito na nilingon ang kapatid na ngayon ay humahakbang na papalapit sa kanila.

Pinilit ni Eloise na umakto nang kaswal nang makalapit sa kanila si Armand. Buong-tapang na sinalubong niya ang mga titig nito… unwilling to let him know how much he intimidated her. Katulad ni Tim ay wala pa rin itong ipinagbago. At katulad ng dati ay mahirap pa ring basahin ang ekspresyon ng mukha nito. His thoughts were very much his own.

"Kuya Armand, do you remember Eloise?" Nakangiting iminuwestra siya ni Tim dito. "She and I had—"

"Yeah, of course I remember her," putol nito sa pagsasalita ng kapatid. "I'm sure you and your friend have a lot to catch up on. But I'll remind you, Tim, that we're doing business here. So first things first," seryosong sabi nito. "Siguro naman ay marunong kayong sumakay ng kabayo?" tanong nito nang muling ibaling ang tingin kina Eloise at Pamela. Halatang pilit lang ang ngiting gumuhit sa mga labi nito. "Good," anito nang tumango ang buong-lagkit na nakatitig ditong si Pamela. Saglit na sumulyap ito sa wristwatch. "It's getting late. We better get

going." Humakbang na ito palayo.

Lihim na sinundan ito ng masamang tingin ni Eloise. *Kahit kailan talaga ay napakaantipatiko ng lalaking ito!* tiim-bagang na naiisip niya.

"I'll talk to you again later," bulong ni Tim sa kanya. "C'mon, better get your own horse," anito na iginiya ang magpinsan patungo sa mga kasama nila. "Pakibigay na lang ninyo kay Edwin ang mga bags ninyo." Itinuro nito sa kanila ang lalaking nakatayo sa tabi ng owner-type jeep. Wala iyong bubong at mas malaki kaysa pangkaraniwan. Naroon na rin ang mga bagahe ng mga kasama nila. "Kunin ninyo na lang uli ang mga iyan when we have our first stop," dagdag nito.

Bukod sa jeep ay tatlo pa ang naroroong sasakyan na naglalaman ng mga supplies nilang tents, pagkain at tubig. Nang lahat sila ay nakasakay na sa kabayo ay nagsalita si Armand.

"For those of you na hindi sanay at ngayon lang nakasakay ng kabayo, don't worry. Our good men will guide and help you all through the way. Isa pa, mangangabayo lang tayo hanggang patag ang daan. Kapag nagsimula na tayong umakyat ng bundok ay kailangan nating maglakad. Halos isang linggo rin tayong magkakasama, so I hope that we'll have a

friendly and harmonious relationship.” Mababa ngunit puno ng awtoridad ang tinig nito. Sinimulan na nitong patakbuhin sa mabagal na paraan ang sinasakyang kabayo.

Kahit hindi tahasang sabihin ay matutukoy pa rin na si Armand ang leader ng kanilang grupo. He stood out among the men present in the expedition. And he rode as if he was born doing it. Sakay ito ng kabayong mas malaki at mas matikas sa lahat ng naroon.

At hindi rin masisi ni Eloise ang mga babaeng kasama kung nakikita man niya ang paghanga sa mata ng mga ito habang nakasunod ang tingin sa lalaki. He could have posed for one of those commercial ads for cigarettes and jeans. His black cowboy hat and suede vest over a flannel shirt were picture perfect.

But unfortunately, his attitude, unlike his sexy body, was not something to be desired about.

# 2

“Are you sure that’s tight enough?”

Gulat na napalingon si Eloise nang marinig ang tinig na iyon ni Armand. Nakatingin ito sa renda ng kabayong katatapos lang niyang itali sa puno.

Noon ay kasalukuyan silang nasa isang clearing. Iyon ang napili ng binata na safe na lugar para pagpahingahan nila. Ilang oras din silang naglakbay sa masukal na kagubatan at ngayon ay magtatakip-silim na.

“Here in the wilderness, you’ll learn how to take care of your own horse,” anito na lumapit at mas hinigpitan pa ang pagkakatali niya sa lubid. Isinukbit nito sa leeg ng kabayo ang dalang feed bag. “Isa na doon ang paglilinis at pag-aalis ng mga nakasiksik na bato at putik sa sapatos nila para maging komportable ang susunod na pagtakbo nila.” Ipinakita nito kung paano gawin ang sinabing iyon.

“Don’t worry, Mr. Punzalan, I already know all about that. I’m not exactly clueless when it comes to horses, you know,” sarkastikong sabi ni Eloise na pinagsalikop ang mga braso sa tapat ng dibdib.

"How comforting," pabulong na sabi nito sa malamig na tinig.

Pinilit nang husto ni Eloise ang sarili na huwag mag-blush nang makitang hinagod ng tingin nito ang naka-expose na mga hita at binti niya. Isang maikling camouflage shorts kasi ang suot niya. Ipinaloob niya roon ang itim na t-shirt na pinatungan niya ng isang brown vest.

She had always felt secure and confident about her body. And false modesty aside, alam niyang ang mahuhubog na hita at binti niya ang isa sa mga best assets niya. Ngunit hindi niya maiwasang makaramdam ng pagkailang nang mga sandaling iyon. Pakiramdam niya ay isa siyang bagay na nakasalang sa ilalim ng microscope at masusing pinag-aaralan ng binata.

"One more thing," anito na muling tumingin nang direkta sa mga mata niya. "I hope you brought with you more sensible clothes aside from those shorts."

Napahugot ng paghingang saglit siyang napatanga. Mayamaya ay nag-init ang mga pisnging tinaasan niya ito ng kilay.

"Hindi ko alam na may dress code pala dito.

Bakit, may problema ka ba sa suot ko, Mr. Punzalan?"

"Please, huwag mong masamain ang sinabi ko. Because much as I appreciate the view," muli nitong pinasadahan ng tingin ang legs niya, "I also like to keep the wits of my men with them. Lalo na kung magkakaroon ng sitwasyon na kakailanganin ng aming konsentrasyon. You know, without the distraction of looking at certain body parts.

"At isa pa, marami tayong mararaanan na mga rough areas and... do you think I would want a mark to scar that flawless skin?" nakakaloko ang ngiting sabi nito bago humakbang palayo.

*Male chauvinist pig!* gigil na naisip ni Eloise habang sinusundan ito ng tingin. Friendly relationships indeed! What a big word coming from such an unfriendly man. Makailang ulit siyang huminga nang malalim upang pakalmahin ang sarili.

Hindi niya hahayaang masira nito ang araw niya at ang mga darating pa. But the question was, was she having fun yet? The answer was an emphatic no!

"How lucky some woman can get," naiinggit ang tonong sabi ni Pamela nang lumapit ito sa kanya. "Bilib na talaga ako sa charm mo, pinsan. You always

get the best man around. But come to think of it, mas bagay kayong dalawa. Do you believe in destiny?”

“What the hell are you talking about?” nagsasalubong ang mga kilay na tanong ni Eloise. “Ano ba’ng pinagsasabi mo d’yan? Mas bagay kami nino?”

“’Sus! Kunwari pa ’to. Si Papa Armand, sino pa?” Nanunukso ang ngiti nito. “Huwag mong sabihing hindi ka kinikilig sa ginawa niya? Ang dami namin ditong babae na kanina pa nagpapapansin sa kanya, ikaw lang ang nilapitan at tinulungan niya. Malay mo, kaya siguro hindi kayo nagkatuluyan ni Tim dahil kayo talaga ng kapatid niya ang para sa isa’t isa.”

“Ano!” di-makaniwalang bulalas niya. “You really think that me and that despicable man…?” Bahaw ang tawang napailing-iling siya. “Alam mo, Pam, minsan talaga ’yang imagination mo ay ibang klase. Puwede ba, huwag mo nga akong madamay-damay sa kabaliwan mo sa lalaking iyon. At ’yung sinasabi mong kami ng mokong na iyon ang para sa isa’t isa… well, you couldn’t be more wrong. Oh no, heaven forbid!” Nangingilabot na nag-sign of the cross pa siya.

“Grabe naman ’to. Bakit ba galit na galit ka sa

kanya? Ano ba'ng sinabi niya sa 'yo?"

"Wala. At ayoko na siyang pag-usapan, okay? Halika na, kunin na natin ang mga gamit natin para naman makapag-freshen up na tayo. Kanina pa nanlalagkit ang pakiramdam ko," aniyang nagpatiuna nang lumakad patungo sa sasakyan kung saan naroroon ang bags nila.

NAPANGIWING MINSAN pang hinimas ni Eloise ang nananakit na pang-upo niya. Napabuntong-hiningang isinandig niya ang katawan sa isang malaking punong-kahoy habang pinapanood ang pagkakatuwaan ng mga kasama niyang nakapalibot sa isang malaking siga. Pagkatapos ng hapunan ay nagkayayaan na ang mga ito kung paano gugugulin ang oras bago matulog.

Kanina ay pinilit din niya ang sarili na maki-join sa mga ito, ngunit hindi na niya matiis ang sakit at discomfort na nararamdaman habang nakaupo. Alam niyang ang matagal na pagkakasakay sa likod ng kabayo ang dahilan ng dinaramdam niya. Matagal na siyang hindi nakakasakay ng kabayo kaya nanibago ang muscles sa bahaging iyon ng katawan niya. Hindi rin niya gustong palipasin ang oras sa loob ng tent na tutulugan nila dahil hindi pa

siya inaantok.

"Hi, having a saddle sore?" nakangiting bati ni Tim habang papalapit. "Here, tiyak na makakatulong ito sa 'yo." Iniabot nito sa kanya ang isang maliit na lata ng liniment.

"Thank you." Grateful na kinuha niya iyon. "Was I that obvious?" natatawang tanong niya.

Kahit matagal nang hindi nagkita at considering na nagkaroon pa sila ng espesyal na relasyon noon ay hindi nakakaramdam ng pagkailang dito si Eloise. Noon pa man ay mabait at sweet na si Tim at iyon ang characteristics na nagustuhan niya rito. Halos isang taon din ang itinagal ng relasyon nila. Pero katulad ng iba niyang nakarelasyon, sinawaan din siya at nagising na lang isang umaga na wala na siyang pag-ibig dito.

"Lots of people get saddle sore the first day they ride a horse," nakakaunawang sabi nito.

"Well, it's not my first time pero matagal na kasi akong walang practice."

"Mukhang nawili ka na nang husto sa Manila. Pero noon pa man ay alam ko nang hindi dito sa Davao ang mundo mo. So, tell me, what's happening in your life now? Nakilala mo na ba si Mr. Right?"

interesadong tanong nito.

“Unfortunately, hindi pa rin. Pero hindi naman ako nagmamadali. Everything will happen in God’s time, ’ika nga. After all, I’m only twenty-six. I’m still enjoying my single status. Ikaw, kumusta ang buhay-may-asawa?”

Malalim na napabuntong-hininga ito bago sumagot.

“Mine’s just like any other marriages, I guess. May mga ups and downs. Sa ngayon medyo shaky nang kaunti. My wife is expecting our second child kaya medyo insecure at lagi akong inaaway. Trina is a good woman kaya lang masyadong selosa.”

“Baka naman binibigyan mo siya ng dahilan para magselos,” nagbibirong saad ni Eloise.

“Bakit, babaero ba ako? N’ung tayong dalawa pa, nakita mo ba akong tumingin sa ibang babae?”

“Aba, who knows?” Natatawang nagkibit-balikat siya. “Basta ang alam ko, maraming babae ang gustong pumalit sa puwesto ko.”

“Ah, baby,” anitong hinawakan ng dalawang kamay ang dibdib. “You’re doing wonders to my ego.”

“Tim?”

Kapwa nila ikinalingon ang pagtawag ni Armand sa kapatid. Matigas ang expression ng mukha nito habang nakatingin sa kanila. Dahil parehong absorbed sa pag-uusap ay hindi nila namalayan ang paglapit nito.

“Kanina ka pa hinahanap ni Chito. May gusto yatang sabihin sa ’yo.”

“Ano daw?” Halatang nanghihinayang si Tim na tapusin ang pag-uusap nila ng dalaga.

“Why don’t you go to him and find out?” May kalakip na pag-uutos ang tono ng kapatid.

“Okay.” Binalingan nito ang babae. “O, pa’no, Eloise? I’ll say good night now, just in case hindi na tayo magkaroon ng chance na makapag-usap mamaya.”

“Salamat uli dito,” aniya na itinaas pa nang bahagya ang liniment.

Ang akala niya ay sasabay na ring umalis dito si Armand. Ngunit nanatili itong nakatayo roon at nakatitig sa kanya.

“Excuse me,” aniya nang hindi na matagalan ang namayaning tension sa pagitan nila.

"You're wasting your time, you know."

Napatda siya sa paghakbang nang marinig ang sinabing iyon ng binata.

"And what's that supposed to mean?" kunot-noong tanong niya na muling humarap dito.

"You and Tim might had a past, but he's a married man now. Kung nagkakaroon man sila ng problema ay hindi pa rin niya iiwan si Trina. Mahal niya ang asawa niya at buntis ito ngayon. So, the last thing he needs is some sex-starved tourist using him for a vacation fling."

Shocked na napatitig dito si Eloise.

"Sex-starved… how dare you!" namumula sa galit na bulalas niya. Naikuyom niya ang mga kamay at ngani-nganing sampalin ang kaharap. "Iniisip mo bang inaakit ko ang kapatid mo? Napakadumi ng isip mo!"

"Only when it's warranted," anito na hindi man lang natigatig sa nakikitang galit niya.

"You don't know anything about me kaya wala kang karapatang insultuhin ako. You know, I never liked you. But I never thought I could hate you this much!" nanginginig ang boses na hayag niya bago

mabilis na lumayo sa lalaki.

"GREAT, Armand! Just great!," napabuntong-hiningang bulong ni Armand sa sarili habang sinusundan ng tingin ang papalayong babae. Ang babaeng noon pa man ay may kakayahan nang lituhin ang emosyon niya.

Tama si Eloise, wala siyang karapatang insultuhin ito. At kahit paano pa niya i-rationalize ang ginawa, pakiramdam niya ay isa siyang malaking walanghiya.

What was it about this woman that always made him lose his cool? Bakit ba hanggang ngayon ay hindi niya magawang bale-walain ang presence nito, gayung hindi niya tipo ang babaeng katulad nito?

Nang maghiwalay ito at si Tim noon ay siya ang unang natuwa. Alam niya kasing hindi si Eloise Martinez ang tamang babae para sa kapatid. She was nothing but a temptress. Unang pagkakakilala pa lamang nila ay iyon na ang naging impression niya rito. At hindi ang katulad nito ang ideal na babae para sa kanya.

He preferred a different sort of woman, one who

had more than a great pair of legs and a seductive smile.

Matagal na niya itong dapat nakalimutan subalit hindi minsan man itong nawala sa isip niya. Ngayon, pagkatapos ng mahabang panahon ay muling nagkrus ang mga landas nila. And he hated the conflicting emotions she was still able to arouse in him.

Kanina nang makita niya ang nagniningning na mga mata at mapang-akit na ngiti sa mga labi nito habang kausap si Tim ay naalala niya ang lahat ng bagay na hindi niya gusto—at gusto rito.

Yes, there was something about Eloise that he could not quite ignore. Mga katangiang hindi niya nakikita sa ibang babae. She's gotten into him the way no other woman could. She possessed the flash and fire, the sparkle of a diamond. It was there in the directness of those snapping black eyes, the defiant lift of her chin, the sexy body and the proud way she carried herself.

Well, at least now, he was honest enough to admit that maybe he was also sort of attracted to her. Subalit hindi ibig sabihin na dahil lang may nararamdaman siyang attraction dito ay gugustuhin na niyang mapaugnay rito. Hindi pa rin nagbabago

ang impression niya sa ex-girlfriend ng kapatid. Hindi ito ang tamang babae para sa kanya.

At isa pa, katulad ng sinabi nito, hindi ito basta galit lang sa kanya—kinasusuklaman siya nito.

# 3

Nagsisimula na silang bumaba ng bundok nang biglang bumuhos ang malakas na ulan. Napilitan silang huminto at sumilong sa mayayabong na punong-kahoy.

Giniginaw na hinapit ni Eloise sa kanyang katawan ang suot na waterproof jacket. It was their fourth day on the trip and she could not wait for it to be over. Kung gaano siya ka-excited nang papunta pa lamang sila sa Digos ay mas lalo siyang looking forward na makauwi na.

Naiiling na napangiti siya nang marinig ang reklamo ni Pamela dahil sa naunsyaming pagpapakuha sana nito ng litrato. At least ito ay simpleng ulan lamang ang ikinaiinis. Maliban doon ay talagang nag-e-enjoy ito sa adventure nila. Samantalang para sa kanya, disaster na iyon simula pa nang sandaling malaman niyang kasama nila ng lalaking ngayon ay labis na niyang kinamumuhian.

Hindi niya alam kung paano niya napagtiisan ang nagdaang mga araw habang nakikita ang nakakainis na presence ni Armand. Hanggang ngayon ay nagngingitngit pa rin ang kalooban niya

kapag naaalala ang pang-iinsulto nito sa kanya.

Pagkatapos nang gabing iyon ay siya na mismo ang umiwas na makipag-usap kay Tim para wala nang masabi ang dirty-minded na kapatid nito. Hindi na rin muling lumapit sa kanya si Armand, ngunit sa tuwina ay nakikita niya at nararamdaman ang nakasunod na tingin nito sa bawat kilos at galaw niya.

Napabuntong-hiningang sumandal siya sa matigas na katawan ng puno at ipinikit ang mga mata habang pilit na tinu-tune out sa pandinig ang kuwentuhan ng mga kasama.

"Oh, look! A rainbow!"

Napamulat si Eloise nang marinig ang sinabi ng isa sa mga kasama nila. Ang malakas na ulan ay naging ambon na lamang. Unti-unti na ring sumisikat ang araw sa kanina lang ay madilim na kalangitan. And an enormous, sparkling rainbow arched from somewhere on the mountaintop above the horizon.

Ang lahat ng mga kasapi sa expedition ay umalis sa mga puwesto nila sa gilid ng bundok. Pababa ang bahaging iyon at mula roon ay tanaw na tanaw ang bahaghari at ang nakakalulang tanawin sa ibaba. The sight was breathtaking. The shimmering

colorful rainbow above and the lush, green forest below. They could have been standing on the edge of the world.

"Buhay na buhay ang mga kulay, ano?" humahangang saad ni Pamela. "Puwede ko kayang kunan ng picture 'yan?" tanong nito na lalo pang lumapit sa gilid habang hawak ang camera na nakasukbit sa leeg nito.

Kasabay ng warning shout ni Armand mula sa kanilang likuran ay ang paggalaw ng lupang kinatatayuan nila. Kunot-noong napatingin si Eloise sa lupa at bigla ang pagsalakay ng kaba sa dibdib niya nang makitang gumuguho ang lupang tinatapakan nila ni Pamela.

"Pam!" nanlalaki ang mga mata na sigaw niya nang marinig ang pagtili ng pinsan at makitang mahuhulog na ito pababa ng bundok. Patakbong lumapit siya ngunit bago pa niya mahawakan ang kamay nito upang mailigtas ito ay tuluy-tuloy nang dumulas ito pababa sa bangin. "Pam!" hintakot na sigaw niya.

Ilang segundo lang ay bumigay na rin ang lupang kinadadapaan niya. Maririnig ang tila echo na pagtili nila ni Pamela habang nahuhulog sila sa napakalalim na bangin.

"ELOISE! Can you hear me?"

Unti-unting iminulat ni Eloise ang namimigat na mga talukap nang marinig ang tila malayong tinig na iyon na tumatawag sa kanyang pangalan.

Nang subukan niyang gumalaw ay napaungol siya nang maramdaman ang pananakit ng buong katawan. Kunot-noong napakurap-kurap siya nang biglang pumatak sa mukha niya ang tubig na nanggagaling sa mga basang dahon. Tuluyan siyang napamulagat nang maalala ang huling pangyayaring nagdaan—ang pagkahulog nila ni Pamela sa bangin.

Ibig sabihin ay nakaligtas pala siya. Posible kayang nakaligtas din ang pinsan niya? Iyon ang tanong na kaagad pumasok sa kanyang isipan habang dahan-dahang inililibot ang tingin sa paligid niya. Nang tangkain niyang muling kumilos ay nagulat siya nang maramdaman ang tila pag-ugoy ng bagay na kinalalagyan niya. As she absorbed more details of her surroundings, she grew cold all over.

Patihaya siyang nakahiga sa pinakadulong bahagi ng isang nakahiwalay na sanga ng punong-kahoy. Nakalaylay ang kanyang mga paa at tanging ang upper part lamang ng kanyang katawan ang nakasalo sa di-kalakihang sanga na iyon na kung hindi sa tulong ng extended limbs at mga dahon

ay tiyak na tuluyan na siyang nahulog sa paanan ng bangin. Habang tinitingnan niya iyon sa gilid ng kanyang mga mata ay nakikita niya ang isang ilog na may napakalakas na agos.

"My God!" nanginginig na naiusal niya habang nanlalaki ang mga mata. Napakapit siya nang mahigpit sa basa at madulas na sangang kinapapatungan ng mga kamay niya.

Nalululang napapikit siya. She was terrified now to make a move. Pakiramdam niya ay kahit sa munting paghinga lang niya ay mababali na ng sangang kinalalagyan niya. Alam niyang isang maling kilos lang ay tiyak na laglag siya sa naghihintay na panganib sa ibaba.

"Eloise! Naririnig mo ba ako? Are you hurt?"

Gulat na napamulat siya nang marinig ang malakas at pamilyar na tinig ni Armand. What she saw gave her a glimmer of hope. He was almost directly above her and only eight feet or so away. Nakalambitin ito sa isang makapal na lubid na nakaladlad mula sa itaas. Unti-unti itong bumaba at halos nasa ituktok na ng punong kinaroroonan niya. Sa unang pagkakataon ay ikinatuwa niya ang presence roon ng binata.

“P-please help me,” gumaralgal ang tinig na saad niya. Nagsimulang mag-init ang sulok ng kanyang mga mata.

“It’s all right. I’ll have you safe in a couple of minutes.” Puno ng assurance ang tono nito.

Nang tuluyang maabot ng lalaki ang puno ay sigurado ang mga kilos at walang takot na bumaba ito sa mga sanga patungo sa kinalalagyan niya.

Nanlaki ang mga mata ni Eloise at marahas na nahugot niya ang paghinga nang marinig ang pag-ingit ng sangang kinapapatungan niya na tila mababali lalo at nagsimulang dumagdag doon ang bigat ng binata.

“Oh, my God, I’m going to fall!” hintakot na sigaw niya nang gumiwang pababa ang sanga.

“No, please don’t panic. Matibay ang mga sanga ng punong ito at hindi basta mababali. Just hold on tight,” anito na maingat na humahakbang palapit sa kanya habang nakakapit nang mahigpit sa sangang nasa ulunan nito.

“Iaabot ko ang kamay ko sa ’yo and I want you to hold on to me, okay?” Dahan-dahang lumuhod si Armand sa tinutuntungan nito habang ang kamay ay nananatiling nakahawak sa isa pang sanga. “C’mon,

I promise I won't let you fall." Nakadukwang na iniabot nito ang isang kamay sa kanya.

Kahit natatakot ay alam niyang wala na siyang pagpipilian. Eloise could not stay where she was forever. Huminga nang malalim na pilit niyang iniangat ang katawan at mabilis na hinawakan ng dalawang kamay ang nakalahad na kamay ng lalaki.

"It's okay, I got you," nakangiting sabi nito habang buong higpit na hinihila siya palapit dito.

Nang magkalapit sila ay ipinulupot nito ang isang kamay sa baywang niya at parang walang anumang binuhat siya hanggang marating nila ang pinakakatawan ng malaki at matandang punong-kahoy na iyon.

"Mabuti na lang, hindi ka mataba," nagbibiro ang tonong bulong ni Armand.

Hindi niya napigil ang tawang kumawala sa bibig niya. But it felt good to be able to laugh. It was like affirming that she was still very much alive. Ngunit kasabay niyon ang pagkawala ng kanina pa tinitimping emosyon. Dumaloy sa mga pisngi niya ang pinagsamang luha ng takot at tuwa.

"Hey, you don't have to cry. You're safe now," masuyong anas ng binata.

He held her close to his body. And she absorbed his warm, solid strength and realized that she was safe. Ngunit napagtanto niya ang posisyon nila. Nag-iinit ang mga pisnging kumalas siya sa pagkakayakap sa lalaki. Nanghihinang umupo siya sa pinapatungang sanga at isinandig ang likod sa katawan ng puno.

"Maraming salamat," mahinang sabi niya habang pinapahid ang basang pisngi. Napatda siya nang maalala ang pinsan. "Si Pamela nga pala, kumusta siya? Nasaan na siya?" nag-aalalang tanong niya.

"Don't worry about her. She's safe just like you. Mas nauna namin siyang na-rescue dahil mas mababaw ang kinabagsakan niya," pagbibigay-impormasyon nito.

"Thank God," bulong niya.

"She's up there now with the rest of the group and possibly getting medication for her injuries." Tinitigan siya nito nang may concern sa mga mata. "How about you? Wala ka bang nararamdamang bali sa anumang parte ng katawan mo?"

Umiling siya. "No, I'm fine," sagot niya. Bukod sa mga galos at pananakit ng katawan dahil sa pagkakahulog ay wala naman siyang nararamdamang

dislocated na buto sa katawan niya.

"Are you sure? You still look a bit shaky. But it's understandable after what you have gone through. Kami ring lahat ay nag-panic sa nangyari." Napailing ito at napabuntong-hininga. "Umuulan kasi kaya lumambot ang lupa. I should have made an early warning for everybody not to get too close to the edge. Huli na nang mapansin ko kayo ng pinsan mo. It was really sheer luck na sumabit kayo sa mga puno at hindi tuluy-tuloy na nahulog sa ibaba."

"I'm sorry. We should have been more careful," nahihiyang saad niya.

"No, you don't need to apologize. Sometimes, unexpected things really do happen. Ang mahalaga ay pareho kayong ligtas ng pinsan mo." Kinuha nito ang cellphone na nasa bulsa ng pantalong suot nito. Pinindot nito ang mga numero roon at nakipag-usap sa kung sinumang tinatawagan. "Yeah, I got her. She seems to be okay. No serious injury. Yes, we'll go as planned. Vacate that place as soon as possible. Magkita-kita na lang tayo doon. Okay."

Pinatay na ni Armand ang cellphone at ibinalik iyon sa bulsa. Kinalas nito ang lubid na nakatali sa baywang nito at muling ibinaling ang tingin sa dalaga.

"C'mon, we'd better get down from this tree." Muli nitong inilahad ang kamay upang alalayan siya sa pagbaba sa puno.

"Bakit, hindi ba nila tayo iaangat pataas?" nagtatakang tanong ni Eloise nang makitang unti-unti nang tumaas ang lubid na ginamit nito sa pagbaba. Noon din niya napansin ang malaking backpack na nakasukbit sa mga balikat nito.

"No, I'm afraid not. Aside from the fact that you're not in a good condition to do any rappeling right now, masyadong mabuway ang lupa sa itaas at delikado kung magtatagal pa sila doon. So, the two of us are going to take a different route here. Luckily, I know exactly where we are. There's a gravel road about a day's hike from here where they can pick us up."